

Legal na Tulong at ibang Mababang Halagang Legal na Tulong

Kung hindi ninyo makakaya ang isang abogado, maaari kayong matulungan ng legal na tulong:

Mayroong mga opisina ng legal na tulong (tinatawag ding *mga legal na serbisyo*) sa buong Estados Unidos. Ang mga opisina ng legal na tulong ay mga ahensiyang hindi kumikita na nagbibigay ng libreng legal na tulong sa mga taong hindi makayanang umupa ng isang abogado.

Habang ang maraming mga opisina ng legal na tulong ay tinutulungan lamang ang mga taong may mga kitang masyadong mababa, ang ilang mga opisina ay mayroong mga mas maaaring umakmang tuntunin sa kita.

Ang legal na tulong ay karaniwang humahawak ng mga kaso na kinasasangkutan ng:

- **Karahasan sa Tahanan** – kung kayo ay inaabuso ng inyong kapareha, maaari kayong tulungan ng legal na tulong na makakuha ng isang kautusan ng hukuman para sa proteksyon (protective order), isang kautusan sa kustodiya sa anak at diborsiyo.
- **Batas ng pamilya** – kung kayo ay mayroong isang kaso sa kustodiya sa anak o diborsiyo, maaaring makatulong ang legal na tulong. Tawagan ang inyong lokal na opisina ng legal na tulong o hilingin sa Hukom sa inyong kaso na magtalaga ng isang abogado ng legal na tulong upang kumatawan sa inyo sa hukuman.
- **Pabahay** – kung kayo ay pinaalis mula sa inyong tahanan o kung ang inyong bahay ay nasa foreclosure, maaaring makatulong ang legal na tulong.
- **Mga Benepisyong Pampubliko** – kung kayo ay mayroong isang problema sa welfare, mga Food Stamps, Medicaid, Supplemental Security Income (SSI), o Social Security, maaaring makatulong ang legal na tulong.

Tungkol sa Gabay na ito

Ang gabay na ito ay ginawa ng Legal Aid Society of Northeastern New York sa pakikipagtulungan sa New York LawHelp Consortium at Pro Bono Net, na may suporta mula sa programa ng Legal Services Corporation Technology Initiative Grant.

Upang basahin ang lahat ng mga gabay sa seryeng ito, bisitahin ang **LawHelpNC.org** o **LawHelp.org**.

LSC Legal Services Corporation

LEGAL AID NC

probono.net

Maraming mga opisina ng legal na tulong ang maaaring pangasiwaan ang ibang mga problema kabilang ang mga suliranin sa imigrasyon, konsyumer, at kapansanan. Ang ilan sa mga opisina ng legal na tulong ay nakatuon sa isang larangan ng batas, tulad ng batas sa kapansanan, o batas sa pabahay.

Ang ilan sa mga opisina ng legal na tulong ay kumukuha ng pagpopondo mula sa pamahalaan at maaari nitong limitahan ang mga uri ng kaso na maaari nilang kunin.

Wala akong legal na estado sa imigrasyon. Maaari ba akong tulungan ng legal na tulong?

Ang bawat opisina ng legal na tulong ay mayroong mga sariling tuntunin tungkol sa kung sino ang kwalipikado para sa mga serbisyo nito. Gayunpaman, kung kayo ay isang biktima ng isang marahas na krimen o ng karahasan sa tahanan, maaari kayong tulungan ng legal na tulong sa anumang paraan na tumutulong protektahan kayo mula sa karahasan sa tahanan o pang-aabuso *kahit na wala kayong legal na estado sa imigrasyon.* Kung kayo ay isang biktima ng karahasan sa tahanan, ang legal na tulong ay maaari ding magsampa ng isang aplikasyon ng imigrasyon sa inyong ngalan. Ang ilang mga opisina ng legal na tulong ay dalubhasa sa isang malawak na saklaw ng mga suliranin sa batas ng imigrasyon. Pumunta sa **www.LawHelpNC.org** para sa impormasyon tungkol sa mga tuntunin para sa mga opisina ng legal na tulong sa inyong lugar.

Mayroon bang mga kasong *hindi* hinahawakan ng legal na tulong?

Ang sibil na legal na tulong ay hindi hinahawakan ang mga kaso ng kabayaran para sa pinsala tulad ng maling paggamot sa pasyente, o mga kaso ng aksidente sa kotse o mga kaso ng paglabag sa trapiko o mga kriminal na kaso. (Para sa pagkakaiba sa pagitan ng mga suliraning sibil at kriminal, tingnan ang *Pagkakaiba sa pagitan ng Hukumang Pangkriminal at Hukumang Sibil).*

Ano ang maaasahan ko mula sa isang abogado ng legal na tulong?

Ang mga abogado ng legal na tulong ay mayroong parehong kwalipikasyon katulad ng ibang mga abogado. Ang lahat ng sasabihin ninyo sa inyong abogado ay *kompidensyal*, na nangangahulugan na hindi ito ibinabahagi sa sinumang nasa labas ng opisina ng legal na tulong. Dahil ang lahat ng sinasabi ninyo sa inyong abogado ay kompidensyal, sabihin ang katotohanan sa inyong abogado. Matutulungan kayong mabuti ng inyong abogado kapag sinasabi ninyo ang katotohanan sa inyong abogado.

Hindi ako kwalipikado para sa legal na tulong, saan pa ako maaaring pumunta para sa tulong?

- **Sa inyong lokal na samahan ng bar**, na isang organisasyon para sa mga abogado.

  Maaari ninyong tawagan ang *serbisyo ng abogado para sa pagre-refer* ng inyong lokal na samahan ng bar upang maghanap ng isang lisensyado at pribadong abogado na mayroong karanasan sa uri ng inyong legal na problema at makikipagkita sa inyo para sa isang binawasang halaga.

Makikipagkita sa inyo ang inyong abogado sa loob ng 30 minuto tungkol sa inyong kaso para sa singil na mas mababa sa $50.

Napakahalagang maingat na repasuhin ang kasunduan ng singil bago ninyo upahan ang abogado upang simulang gawin ang inyong kaso. Minsan walang singil para sa mga kaso ng maling paggamot sa pasyente, aksidente sa kotse o kabayaran sa manggagawa dahil mababayaran lamang ang abogado kung mananalo ang inyong kaso.

Maaari rin ninyong tanungin ang inyong lokal na samahan ng bar kung mayroon sila ng anuman sa mga sumusunod na *libreng* serbisyo para sa mga taong nangangailangan ng legal na tulong:

- *isang proyekto ng boluntaryong abogado (volunteer lawyer project)*
- *isang walang bayad na proyekto* (isa pang salita para sa isang proyekto ng boluntaryong abogado o volunteer lawyer project)
- *isang libreng workshop para sa batas*
- *isang klinika para tulungan ang sarili*

Upang makipag-ugnayan sa samahan ng bar sa inyong lugar, pumunta sa

www.americanbar.org/groups/bar_services/resources/state_local_bar_associations.html

- **Ang inyong lokal ng paaralan para sa pag-aaral ng batas** ay maaaring mayroong mga *libreng programa para sa mga nag-aaral ng batas (legal clinic)* kung saan ang mga mag-aaral ng batas ay nagbibigay ng libreng legal na tulong at pinamamahalaan ng mga propesor sa pag-aaral ng batas.

- **Ang inyong lokal na Ahensiya ng Lugar sa Pagtanda** ay tinutulungan ang mga matatanda, 60 taong gulang o mahigit, sa maraming mga uri ng problema. Ang inyong lokal na Ahensiya ng Lugar sa Pagtanda ay maaari ding magbigay ng libre o mababang halagang legal na tulong.

Para mahanap ang inyong lokal na Ahensiya ng Lugar sa Pagtanda, pumunta sa:

http://www.aoa.gov/AoARoot/AoA_Programs/OAA/How_To_Find/Agencies/find_agencies.aspx

Para sa Karagdagang Impormasyon

Naghahanap ng karagdagang impormasyon sa paksang ito? Bisitahin ang LawHelp.org at piliin ang inyong estado upang maghanap ng ibang mga mapagkukunan na makakatulong sa sarili at impormasyon tungkol sa libre at mababang halagang mga tagapagkaloob ng legal na tulong sa inyong lugar.

Pagtatatuwa ng Pananagutan

Ang gabay na ito ay inihanda para lamang sa mga layunin ng pangkalahatang impormasyon. Ang impormasyong nilalaman nito ay hindi isang legal na payo. Ang legal na payo ay depende sa mga partikular na kalagayan ng bawat sitwasyon. At saka, maaaring mag-iba ang batas sa bawat estado. Ang ilang impormasyon sa gabay na ito ay maaaring hindi wasto para sa inyong estado. Upang maghanap ng mga lokal na mapagkukunan, bisitahin ang LawHelpNC.org.